

Lupon ng Suplay ng Tubig  
Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Tingga at Tanso (Lead and Copper Rule Revisions, LCRR)  
Pahina ng Impormasyon

Noong Enero 15, 2021, ipinatupad ng Ahensya ng Pangangalaga sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng United States ang Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Tingga at Tanso (Lead and Copper Rule Revisions, LCRR) para mabawasan ang pagkakahantad ng inuming tubig sa tinggga. Tinutukoy ng panuntunan ang mga komunidad na pinakamapanganib at tinitiyak na may mga plano ang mga sistema ng tubig upang mabilis na tumugon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga aksiyon upang mabawasan ang mataas na antas ng tingga sa inuming tubig.


Binubuod ng pahina ng impormasyon na ito ang mga petsa ng panuntunan, mga limitasyon ng contaminant, at mga pangunahing kinakailangan ng LCRR. Available ang higit pang impormasyon tungkol sa panuntunan sa <https://www.epa.gov/ground-water-and-drinking-water/revised-lead-and-copper-rule>

Mga petsa ng panuntunan at mga limitasyon ng contaminant

1. Ipinahayag noong Enero 15, 2021 ang panghuling panuntunan.
2. Petsa ng pagkakaroon ng bisa: Disyembre 16, 2021.
3. Petsa ng pagsunod: 10/16/2024
4. Mga Limitasyon ng Contaminant
  - a. Antas ng Aksiyon (90<sup>th</sup> percentile value)
    - i. Tingga: 15 ppb (bahagi bawat bilyon / parts per billion)
    - ii. Tanso: 1.3 ppm (bahagi bawat bilyon / parts per million)
  - b. Antas ng Trigger ng Tingga
    - i. 90<sup>th</sup> percentile value na mas malaki sa 10 ppb at mas mababa o katumbas ng 15 ppb

Mga kinakailangan sa panuntunan

1. Mag-imbentaryo at tukuyin ang uri ng materyal ng lahat ng linya ng serbisyo sa panig ng utility at customer ng metro ng tubig.
2. Panig ng utility at customer ng metro ng tubig.



3. Uriin ang bawat linya ng serbisyo sa pamamagitan ng isa sa apat na kahulugan sa ibaba.
  - a. Tingga: Bahagi ng tubo na gawa sa tingga, na nagkokonekta sa pangunahing linya ng tubig sa pasukan ng gusali.
  - b. Hindi tingga (tanso, plastik, atbp.): Ang linya ng serbisyo ay tinutukoy na hindi tingga o GRR sa pamamagitan ng isang talaan, pamamaraan, o teknik na nakabatay sa ebidensya.
  - c. Galvanized na Nangangailangan ng Kapital (Galvanized Requiring Replacement, GRR): Galvanized na linya ng serbisyo na nasa agos o dating nasa agos ng LSL o kasalukuyang nasa agos ng hindi kilalang linya ng serbisyo.
  - d. Hindi alam ang katayuan ng tingga (kilala rin bilang: hindi alam o hindi kilalang uri ng materyal): Ang materyal ng linya ng serbisyo ay hindi kilala bilang tingga, GRR, o hindi tingga, tulad ng kung saan walang dokumentadong ebidensiya na sumusuporta sa pag-uuri ng materyal.
4. Magbigay ng nahahanap na database upang magbigay ng pampublikong access sa mga resulta ng imbentaryo. Ang database ng BWS ay nasa <https://lead.boardofwatersupply.com/>.
5. Magsagawa ng pagsusuri sa tubig mula sa gripo mula sa mga napiling sample na lokasyon batay sa mga resulta ng imbentaryo at magbigay ng pampublikong access sa mga resulta ng pagsusuri.
6. Magsagawa ng pagsusuri sa tubig mula sa gripo sa mga paaralan at pasilidad ng day-care
7. Ang mga utility na may mga linya ng serbisyo ng tingga (lead service line, LSL), GRR, at/o hindi alam ang katayuan ng tingga ay dapat maghanda at magpatupad ng plano sa pagpapalit ng LSL. Noong Hunyo 30, 2023, ang BWS ay walang nahanap na anumang linya ng serbisyo ng tingga (lead service line) sa loob ng system nito.